Ang Puno ng Ubas at Mga Sanga

(Inilalarawan ni Jesus ang Kanyang Ebanghelyo)

Panimula

- Isa sa mga paulit-ulit na tema ng mga pangangaral, pagtuturo at himala ni Jesus ay ang Kanyang ganap na pagkakapantay sa Diyos. Napakaliwanag ng mga patotoo ni Jesus sa Kanyang pagka-Diyos:
  - Juan 5:17 --- *"Ang Aking Ama'y patuloy sa paggawa, at gayon din Ako."*
  - Juan 8:54 --- *"Kung Ako ang nagpaparangal sa Aking sarili, iya'y walang kabuluhan. Ang Aking Ama ang nagpaparangal sa Akin at sinasabi ninyong Siya ang inyong Diyos."*
  - Juan 10:30 --- *"Ako at ang Ama ay iisa."*
  - Juan 10:38 --- *"Ngunit, kung ginagawa Ko iyon, pinaniniwalaan ninyo ang Aking gawa, kung ayaw man ninyo akong paniwalaan. Sa gayon, matitiyak ninyong nasa Akin ang Ama at Ako'y nasa Kanya."*
- Sa tuwing tatawagin ni Jesus ang Diyos na "Aking Ama," tinutukoy Niya ang Kanyang pagka-Diyos. Maliwanag sa mga Judiong tagapakinig Niya ang Kanyang layunin, kaya naman: *"Lalong pinagsikapan ng mga Judio na patayin Siya, sapagkat nilabag na Niya ang batas tungkol sa Araw ng Pamamahinga ay sinasabi pa Niyang ang Diyos ang Kanyang Ama, at sa gayo'y ipinapantay ang sarili sa Diyos."*
- Ang mataas na kalagayan ni Jesus bilang dakilang "Ako Nga" ng Lumang Tipan ay mahalaga sa Kanyang tungkulin bilang Tagapagligtas. Sinuman ang tumangging kilalanin kung sino Siya ay di-maaaring maligtas: *"Mamamatay nga kayo sa inyong mga kasalanan kung hindi kayo maniniwalang 'Ako'y si Ako Nga.'"* Sinabi Niya ito sa mga Pariseong galit sa Kanya dahil nga sa mga pag-angkin Niya ng kapantayan sa Diyos at kahigitan Niya sa kanilang mga dakilang ninuno at propeta (cf. Juan 4:12; 8:54). Hindi nila matanggap ang pahayag Niyang ito. Kaya naman, ang babala ni Jesus sa kanila, mamamatay sila sa kanilang mga kasalanan.
- Dito sa Juan 15:1-8, ginamit ni Jesus ang metaporo at hindi parabula. Ang metaporo ay agad nang naglalaman sariling paliwanag sa mga simbulong ginamit. Maliwanag na sinabi ni Jesus na Siya ang tunay na puno ng ubas at ang Diyos Ama ang Tagapangalaga.

Pagtalakay

I. Listahan ng mga Aktor

A. Narito ang mga Aktor

1. Si Jesus, ang Ama, ang mga disipulo ni Jesus at si Judas na taksil.
2. Lahat sila'y may mabigat na dagan sa isipan at puso ni Jesus.

B. Damdaming Namamayani Kay Jesus

1. Gustong-gusto na ni Jesus ipahayag ang Kanyang dakilang pag-ibig sa labing-isang disipulo.
2. Ganoon rin naman na nalulungkot Siya sa naging desisyon ni Judas na talikuran ang Kanyang pag-ibig at kumilos na upang Siya'y pagtaksilan.
3. Alam din Niya na ganap at walang katapusan ang pag-ibig ng Ama sa Kanya; ngunit kasabay nito, alam din Niyang kinabukasan ay magiging paksa Siya ng poot ng Ama habang pasan Niya ang kasalanan natin doon sa krus ng kalbaryo.

C. Pakahulugan ng mga Simbulo

1. Si Cristo ang tunay na puno ng ubas.
2. Ang Diyos Ama ang Tagapangalaga ng ubasan.
3. Ang mga disipulo ang tinutukoy ng mga sangang namumunga.
4. Si Judas (at iba pang katulad niya) ang kumakatawan sa mga sangang di-namumunga.

II. Ang Tunay na Puno ng Ubas

A. Pamilyar na Metaporo sa mga Judio

1. Madalas banggitin sa Lumang Tipan na ang Israel ay punong ubas ng Diyos.
2. Si Jehovah ang nangangalaga, nagpuputol at naglilinis, at nagmamahal dito.
3. Ngunit natuyot at di na nagbunga ang punong ubas na ito at siyang ikinalungkot ng Tagapangalaga. Basahin ang Isa. 5:1-7a
4. Kayat tinanggal na ng Diyos ang pader ng ubasan at hinayaan itong walang proteksyon. Kaya naman pinaglulusob na ang Israel ng mga Hentil na bayan at winasak ito. Naputol na ang pangangalaga ng Diyos sa Israel bilang puno ng ubas.

B. Si Jesus ang Tunay na Puno ng Ubas

1. Sinabi ni Jesus sa mga disipulo na Siya ang tunay na puno ng ubas. Ang Israel ng Lumang Tipan ay isang malabong anino lamang.

2. Pangkaraniwan ang ganitong mga paghahambing sa Bagong Tipan, sapagkat paulit-ulit na sinasabi sa atin na maraming bagay sa Lumang Tipan ay panandalian at di-ganap na halimbawa ng mga mas perpektong katotohanan ng Diyos--- ang mga bagay na tunay.
3. Mga Halimbawa:
   a. Hebreo 8:2 --- may tabernakulo at mataas na saserdote sa Lumang Tipan; ngayon ay si Cristo ang ating Dakila at Kataas-taasang Saserdote at tunay na tabernakulo.
   b. Juan 1:9 --- lumikha ang Diyos ng liwanag sa Genesis 1:3; ngunit ngayon si Cristo na ang tunay na liwanag.
   c. Juan 6:32 --- mga tinapay ay nagmula sa langit upang maging pagkain ng mga Israelita sa ilang; sinabi ni Jesus na Siya ang "tunay na pagkaing [tinapay] mula sa langit."

C. Kahalagahan ng Larawang Ginamit

1. Ang mga buhay na sanga ay ganap na pagmamay-ari ng o nakakabit sa puno; ang mga namumungang sanga ay kinakailangang ganap na umasa sa puno upang makatanggap ng kalakasan, sustansya, suporta, at buhay.
2. Ang mga sanga ay supling o sangay ng puno. Nasa kanila ang mga katangian ng puno at umaagos sa kanila ang katas ng puno. Sa pananalita ni Jesus, sila'y nananatili (abide) sa puno.

III. Ang Tagapangalaga

A. Paraan ng Pagpapaliwanag sa mga Simbulo o Talinhaga

1. Tandaan na ang Juan 15:1-8 ay isang mahabang salaysayin na patalinhaga.
   a. Hindi tama na bigyan ng pakahulugan ang mga talinhaga ng hihigit pa sa maliwanag na tinutukoy nito.
   b. Ang simbolismo ay hindi maaaring gamitin upang palawakin ang bawat kaliit-liitang detalye.
2. Halimbawa sa metaporong ito, si Cristo ay inilarawan na isang puno ng halaman (vine) ngunit ang Ama ay isang persona (Vinedresser).
   a. May mga tumatanggi sa pagka-Diyos ni Cristo na ginagamit ang talinhagang ito at sinasabing hindi raw kapantay ni Jesus ang Ama sa kalikasan.
   b. Sinasabi nila na kung is Cristo ay Diyos, magkapantay din dapat ang papel ng Ama at ni Jesus dito sa metaporo.
   c. Kung si Jesus ang puno, ayon sa kanila, ang Ama dapat ang ugat. Kaya nga, sa paglalarawan na ito si Jesus ay hindi Diyos.
3. Malayo ito sa buong punto ng talinhaga.
   a. Ginamit ni Jesus ang pananalitang "Ako (ay)" dahil sa karapatan Niyang gamitin ang pangalan ng Diyos patungkol sa Kanyang sarili.
   b. Dahil idinudugtong Niya ang mga pananalitang "ang tinapay ng buhay," "ang daan, ang katotohanan, at ang buhay," at ngayon nga, "ang tunay na puno ng ubas," --- buong paninindigan na inaangkin Niyang Siya nga ang Jehovah ng Lumang Tipan.
   c. Bukod dito, sinang-ayunan ng metaporo ng puno ng ubas at mga sanga na si Jesus ay Diyos sa pamamagitan ng paglalarawan sa Kanya bilang siyang pinagmumulan at nagpapanatili ng buhay.

B. Tunay na Tinutukoy ng Talinhaga

1. Ang metaporong ito ay hindi una sa lahat isang aral patungkol sa pagka-Diyos ni Jesus.
   a. Ginamit ni Jesus ang paglalarawang ito upang idiin ang katunayan ng pakikiisa ng sasampalataya sa Kanya.
   b. Dahil pinangangalagaan ng Ama ang kanyang Anak, ganoon din na pinangangalagaan Niya ang sinumang nakiisa sa Kanyang Anak sa pamamagitan ng pananampalataya.
   c. Ito ang maluwalhating katotohanan na nasa gitna ng paglalarawan ni Jesus.
2. Ang tungkulin ng Tagapangalaga.
   a. Dalawa ang pangunahing pamamaraan ng Tagapangalaga upang maparami o higit na mapalago ang mga bunga na tumutubo sa puno ng ubas.
      1) Putulin ang mga maliliit na sangang di-namumunga;
      2) Putulin o pungusin ang mga bagong sumisibol na mga sangay mula sa mga sangang nanumunga na.
   b. Ginagawa ito upang matiyak na mas mamumunga ang puno ng ubas at hindi lamang darami ang mga dahon. Ipinaliwanag ito ng t. 2.

IV. Ang Mga Namumungang Sanga

A. Tiyakang Tinutukoy nito ang mga Tunay na Cristiano

1. Katangian kasi ng mga Cristiano na mamunga. Basahin ang Efeso 2:10.
2. Walang ibang ibubunga ang tunay na kaligtasan kundi mga mababuting gawa.

a. Hindi tayo naliligtas sa pamamagitan ng gawa, ngunit ang mga gawa ang nagpapatibay na ang pananampalataya ay tunay, masigabo at buhay (Jacobo 2:17)
b. Pamumunga ang tanging posibleng katibayan na ang isang sanga ay nananatili sa tunay na puno ng ubas (Mateo 7:16-17).

B. Nililinis ng Tagapangalaga ang mga Namumungang Sanga (t. 2)

1. Pinuputulan at nililinis ng Tagapangalaga ang mga sangang namumunga upang sila'y lalong mamunga.
   a. Ang pamumutol at paglilinis na ito ay tumutukoy sa pagdidisiplina ng Diyos. Basahin ang Hebreo 12:10.
   b. Sabi nga ng Juan 15:8, *"Napararangalan ang Ama kung kayo'y namumunga nang sagana at sa gayo'y napatutunayang mga alagad ko kayo."*
2. Ginagawa ito ng Ama upang matanggal Niya ang anumang bagay na nakapagpapahina sa ating paglago.
3. Buong husay na ginagamit Niya sa paglilinis at pagputol ay ang Salita ng Diyos.
   a. Pansinin ang t. 3. Ang ginamit ni Jesus ang salitang "nalinis na" ay parehong Griyegong salita sa t. 2 tungkol sa "pinuputulan."
   b. Nililinis at pinuputol ng Salita ng Diyos ang masasamang sangay o maliliit na sanga-sanga sa ating buhay --- ito ang ating mga kasalanan.
   c. Sinabi ni Charles Spurgeon, "Ang Salita ang karaniwang ginagamit ng dakilang Tagapangalaga bilang kutsilyo na pampungos sa mga sanga ng puno ng ubas; at, mga kapatid, kung magiging handa lamang tayong damahin ang matalim na Salita, at hayaan itong hiwain pati na ang mga bagay na maaaring napamahal na sa atin, hindi na natin kailangan pang maranasan ang pamumungos ng Diyos sa pamamagitan ng pagsubok."
4. Ayon sa Hebreo 12:6-7, nagdidisiplina ang Diyos dahil tayo'y Kanyang mahal.
   a. Tiyak na masakit ang dinidisiplina. Maaaring may makita pa nga tayong bahagi ng ating buhay na mas nararapat disiplinahin. Ngunit laging alam ng Tagapangalaga ang Kanyang ginagawa.
   b. Alalahaning mas matinding pag-uusisa ang Kanyang ginagawa sa mga sangang inaalagaan.
   c. Hindi Niya halos pinag-aaksayahan ng panahon at agad Niyang tinatagpas ang mga sangang di namumunga; sila'y nababagay lamang na sunugin sa apoy.

V. Ang mga Mala-Judas na Sanga (t. 2, 4 at 6)

A. Nakasasama ang mga Sangang Di-Namumunga

1. Ang mga sangang di namumunga ay nagkukunwa lamang na nakabit sa puno.
   a. Sa ating pananaw mukha namang nakakabit; malamang ay may mga maliliit na dahon pa ngang tumutubo.
   b. Subalit may kulang. Di sila ganap na nakakabit sa daluyan ng sustansya ng puno. Wala silang kakayahang magbunga.
   c. Nababagay lamang silang tagpasin at sunugin.
2. Malinaw na prinsipyo ito ng mga hardinero – ang mga di-namumungang sanga ay nakasasama sa puno.
   a. Inaagaw nila ang katas na para sana sa mga namumungang sanga. Mas bawas na katas, mas kaunting bunga.
   b. Kahit na maingat silang pinupungusan ay nananatili pa rin silang walang bunga. Wala nang paraan upang sila'y mamunga pa.
   c. Sa katunayan, pagkatapos na sila'y putulin, wala pa rin silang pakinabang; ni hindi nga sila magamit na panggatong. Kaya naman, tinitipon na lamang sila upang sunugin na katulad ng basura.
   d. Sabi ng t. 2, "pinuputol Niya," na ang ibig sabihin ay ni hindi man lamang maitabi ito ng Tagapangalaga upang magamit sa ibang kaparaanan (recycle); tinatanggal na lamang upang tupukin.

B. Ang Di Namumungang Sanga ay Tulad ng Isang Huwad na Cristiano

1. Sila ay mga nagsasabing nanampalataya kay Cristo ngunit hindi naman nila tunay na nakikilala Siya.
2. Mukha silang may relasyon sa Tunay na Puno ng Ubasan, ngunit ito'y isang pagkukunwari lamang.
   a. Hindi nanahan sa kanila ang Kanyang buhay, kaya naman di nila kayang magbunga sa kahit anumang paraan.
   b. Sila ang sangang binabalaan ni Jesus na tanggalin. Maaari natin silang tawaging mga sangang mala-Judas.

C. Judas: Halimbawa ng Sangang Di-Namumunga

1. Si Judas ang lantad na halimbawa ng sangang di-namumunga. Ilang sandali pa nga lamang na umalis si Judas nang ipangaral ni Jesus ang tungkol dito sa ***tunay na puno ng ubas at ang mga sanga***, siya'y isang sangang tiyak na ang kaparusahan, putol na siya mula sa puno ng ubas.
2. Naisahan nga ba si Jesus at di Niya alam na di pala tunay na sanga si Judas?
   a. Kailanman ay hindi nalinlang ni Judas ang Panginoon. Ni minsan ay hindi kinilala ng Panginoon na siya ay tunay na alagad.
   b. Ngunit bago pa sila naghapunan, pagkatapos na mahugasan ng Panginoon ang mga paa ng mga alagad (kasama si Judas) ay sinabi Niya ang ganito, *"At malinis na kayo, ngunit hindi lahat"* (Juan 13:10).
      1) Dagdag pa ni Juan (t. 11), *"Sapagkat alam ni Jesus kung sino ang magkakanulo sa Kanya, kaya sinabi Niyang malinis na sila, ngunit hindi lahat."*
      2) Hindi nalinis si Judas ng *"Espiritu Santo na luminis at nagbigay ng bagong buhay sa atin"* (Tito 3:5).
   c. Maaaring nalinlang ni Judas ang 11 apostol sa pagkukunwang kaisa niya sila, ngunit alam ni Jesus ang katotohanan.
3. Baka naman natanggal lamang kay Judas ang kaligtasang nasa kanya na?
   a. Sabi ng Panginoon sa Juan 10:28, *"Binibigyan Ko sila ng buhay na walang hanggan, kailanma'y di sila mapapahamak; hindi sila maaagaw sa Akin ninuman."*
   b. Ang mga tunay na nananalig sa Kanya ay may katiyakan sa Kanya, dahil ang mga sangang nananatiling nakakapit sa Tunay na Puno ng Ubas ay hindi kailanman puputulin. Pansinin ang Juan 6:37.

D. Sobrang Paliwanag ng Sinisimbulo

1. Hindi ba iminumungkahi ng t. 2 na ang mga di-namumungang sanga ay mga tunay na mananampalataya?
   a. Hindi, dahil napapasobra na ang pagpapaliwanag sa simbolismo.
2. May iba pang mga bahagi ng Kasulatan na gingamit ang paglalarawan ito ng mga parasitiko, di-namumungang sanga.
   a. Roma 11:17-24 --- kumakatawan ito sa Israel bilang puno ng olibo kung saan pinagpuputol ng Diyos ang ilang mga sangang ayaw manalig (Roma 11:20).
   b. Sa Roma 9:6 sinabi ni Pablo, *"…sapagkat hindi lahat ng nagmula sa Israel ay akbilang sa bayang hinirang Niya."*
      1) Maaaring ang isang tao ay nasa talaan ng mag-anak, ngunit hindi tunay na Israelita.
      2) Ganoon rin naman, maaaring maging isang sanga ng Tunay na Puno ng Ubas na hindi naman tunay na nananatili kay Cristo.
3. Mababasa natin sa buong Kasulatan ang mga babala sa mga taong nakikidikit kay Cristo ngunit ang pananalig nama'y pagkukunwari lamang.
   a. Sila'y puputulin ng Tagapangalaga mula sa Puno ng Ubas.
   b. Malinaw na inilarawan ito ni apostol Juan sa 1 Juan 2:19, *"Bagamat sila'y dating kasamahan natin, hindi natin tunay na kaisa ang mga taong iyon. Sapagkat kundg sila'y tunay na atin, nanatili sana silang kasama natin. Ngunit umalis sila, kaya't maliwanag na silang lahat ay di tunay na atin."*

E. Larawan ng Pagtupok

1. Ang mga di-namumungang sanga ay tutupukin sa impyerno.
   a. Tulad sila ni Judas, sila'y mga walang pag-asang huwad na Cristiano.
   b. Maaaring sila'y mga kilalang kasapi ng iglesya, o kaya'y mga pantas sa kaalamang espirituwal, maaari ring sila'y mga nagtuturo na ng doktrina---mga iskolar. Ngunit silang lahat ay di tunay na mananampalataya, at sila'y puputulin ng Diyos.
2. Marami ang nasa ganitong kategorya.
   a. Sabi ni Pablo sa Filipos 3:18-19, *"Tulad nang malimit kong sabihin sa inyo---at ngayo'y luhaang inuulit ko sa inyo---**marami** ang namumuhay bilang mga kaaway ng krus ni Cristo. **Kapahamakan ang kahihitnan** nila sapagkat ang dinidiyos nila ay ang hilig ng kanilang katawan. Ikinararangal nila ang mga bagay na dapat sana nilang ikahiya at ang pinag-uukulan lang nila ng pansin ay ang mga bagay na panlupa."*

Pagtatapos

- Hindi sana tayo magmintis sa tunay na pakay ni Cristo sa paglalarawang ito. Nais ng Panginoong turuan ang Kanyang mga alagad na maunawaan ang katotohanan sa pagtataksil ni Judas. Siya ay sangang di-namumunga. Basahin din ang Marcos 14:21.
- Kakila-kilabot ang kalagayan ng mga taong ganito sa kamay ng buhay na Diyos (Heb. 10:31).